ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVII Blg. 4
Pebrero 21, 2016
www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Rebolusyon! Hindi eleksyon!

Sa pag-arangkada ng ingay ng kampanya para sa eleksyong 2016, dapat ibayong palakasin ng Partido at lahat ng pambansa-demokratikong pwersa ang paglalantad sa huwad at hungkag na reaksyunaryong eleksyon upang tuluy-tuloy na pukawin ang sambayanang Pilipino na magpunyagi sa kanilang mga pakikibakang masa, magpalakas ng kanilang organisadong lakas at tahakin ang landas ng rebolusyonaryong pakikibaka.

Napapanahong muling pagtibayin at palaganapin ang saligang prinsipyo na ang hinahangad ng bayan na panlipunang pagbabago ay matatamo lamang sa pamamagitan ng rebolusyonaryong pakikibaka, pangunahin sa anyo ng armadong rebolusyonaryong pakikibaka na sinusuhayan ng malawak na demokratikong pakikibakang masa.

Habang kritikal na lumalahok ang ilang progresibo at pambansa-demokratikong pwersa sa eleksyon, dapat pukawin rin ang mamamayan para iwaksi ang repormistang ilusyong walang sawang hinahabi ng mga reaksyunaryo at kontra-rebolusyonaryong petiburges, na umano'y magdudulot ng makabuluhang pagbabago ang paglahok sa reaksyunaryong eleksyon.

Para sa mga reaksyunaryo at sa imperyalismong US, napakaimportante ng papel ng eleksyon sa pagpapanatili ng naghaharing sistemang pampulitika at sa kanilang makauring paghahari.

Sa pamamagitan ng eleksyon, pinalalabas na "demokratiko" ang reaksyunaryong gubyerno at sistemang pampulitika ng mga panginoong maylupa at malalaking burges. Tinatabingan nito ang makauring katangian ng naghaharing estado at pinalalabas na ang mga nagpapatakbo at namumuno sa reaksyunaryong gubyerno ay mga "pinili ng bayan."

Salamin ang reaksyunaryong eleksyon ng bulok na pulitika ng mga parasitikong naghaharing uring malalaking asendero at burgesyang komprador, laluna ang mga burukrata-kapitalistang nakaugnay sa mga sindikatong kriminal. Pinaglalawayan nilang makontrol ang gubyerno upang makuha ang mga pabor sa usapin ng pagbibigay ng mga kontrata, pagkakaltas sa buwis, ismagling ng mga kalakal at proteksyon sa kanilang mga operasyong kriminal.

Likas na bahagi ng reaksyunaryong eleksyon ang iba't ibang anyo ng pandaraya. Walang katapusan ang mga paraan ng pandaraya mula sa pagbili ng boto, pananakot at pamumwersa sa mga boboto hanggang sa pagbabago sa bilangan ng mga boto.

Upang gawing kapani-paniwala, sinimulan ng reaksyunaryong estado noong 2010 ang eleksyong *automated* o dekompyuter na pagbibilang ng boto. Dahil nakakubli ang pagbibilang ng boto, lalupang naging malawakan, maramihan at sistematiko ang pandaraya.

Lalo ring humigpit ang kontrol ng imperyalismong US sa eleksyon. Sa buong mundo, ang industriya ng *automated election* ay hawak ng iilang kumpanya na kunektado sa



malalaking monopolyong kapitalista. Lalong naging madali para sa imperyalismong US na itakda kung sino sa mga kandidato ang iuupo nito sa poder, kabilang ang mga pambansang upisyal ng reaksyunaryong estado.

Lalo pang humigpit ang kontrol ng imperyalismong US sa pulitika ng naghaharing uri. Ginagamit ng US ang reaksyunaryong eleksyon upang konsolidahin ang mga ito at plantsahin ang kanilang pagriribalan, basbasan kung sino ang iluluklok sa poder at kunin ang suporta ng iba't ibang mga paksyon.

Walang ibang ibubunga ang darating na eleksyon sa Mayo kundi ang pagpupwesto sa poder ng panibagong utusan ng imperyalismong US at kakatawan sa interes ng mga naghaharing uri.

Para sa mamamayang Pilipino, walang malaking kabuluhan ang reaksyunaryong eleksyon. Batid nilang ito'y simpleng pagpapalit lamang ng mukha ng mga tauhang namamahala sa reaksyunaryong estado. Wala itong ihahatid na pagbabago sa mga saligang patakaran nito.

Ipagpapatuloy lamang ng uupong gubyerno ang pagpapahirap at pang-aapi sa mamamayang Pilipino sa ilalim ng mga patakarang pabor sa malalaking kapitalistang dayuhan.

Sa harap ng lumalala at lumalalim na krisis ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal, ang mga naghaharing uri sa Pilipinas ay lalong desperadong nagpapakatuta sa imperyalismong US.

Ngayon pa lamang, ang mga nangungunang kandidato sa pagkapresidente ay nag-uunahan sa pagpapakitang-gilas sa imperyalismong US at pagpiprisintang masugid na tagapagtaguyod ng mga patakarang neoliberal.

Kabilang rito ang pagpapatuloy at pagpapalapad ng programang Public-Private Partnership na tinatakam-takam ng malalaking lokal at dayuhang kapitalista dahil sa ibinibigay nitong garantisadong tubo .

Sa ilalim rin nito ang mga patakaran ng mababang sahod, kontra-unyon at pagpapahintulot sa iba't ibang anyo ng pleksibleng paggawa. Kaakibat rin nito ang mga patakarang pabor sa pangangamkam ng lupa para sa pagtatayo at pagpapalawak ng mga komersyal na plantasyon at mga operasyon sa mapangwasak na pagmimina.

Ang bagong reaksyunaryong estado na iluluklok sa Mayo 2016 sa ilalim ng kapangyarihan ng US ay lalong magiging palaasa at sunud-sunuran sa dikta ng imperyalistang amo nito. Ang iuupo ng US ay yaong tiyak nitong magpapatuloy ng mga patakarang pabor sa panghihimasok at pagbabaseng militar ng US sa Pilipinas at magsisilbi sa layunin nitong magpalakas ng kapangyarihang militar sa rehiyong Asia-Pacific.

Sa harap ng lalo pang paglala ng kahirapan at pang-aapi, dapat palakasin ng pambansa-demokratikong mga pwersa ang kilusang propaganda na naglalantad sa malakolonyal at malapyudal na sistema at pumupukaw sa mamamayang Pilipino na makibaka para ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Dapat ilantad at itakwil ng mga rebolusyonaryong pwersa ang huwad na demokrasya sa ilalim ng reaksyunaryong eleksyon. Sa panahong inaagaw ang atensyon ng bayan at inaaliw sila ng mga pulitikong kandidato, dapat lalong pag-ibayuhin ang pagpapakilos sa mga pakikibakang masa.

Kasabay nito, kritikal na lumalahok ang mga pambansa-demokratikong aktibista ng kilusang masa sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga pwersa o pulitikong mapagkaibigan o sumusuporta sa pambansa-demokratikong kilusan at sa kapakanan ng sambayanan.

Lumalahok rin ang mga makabayan at demokratikong partido para mailuklok ang kanilang mga kinatawan sa loob ng parlamento at maging Kaliwang oposisyon na nagdadala sa mga isyu ng mga pakikibakang masa sa loob ng reaksyunaryong kongreso.

Dapat walang tigil na ilantad ang kongresong ito bilang instru-


ANG Bayan

Tomo XLVII Blg 4 | Pebrero 21, 2016

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*


## Nilalaman


**Editoryal:** Rebolusyon, di eleksyon 1
Maka-imperyalistang mga kandidato 3
Platun ng PNP, nilipol sa Cagayan 4
30, kaswalti ng militar sa Pantukan 4
2 opensiba sa Negros 4
Pamana ng Pag-aalsang EDSA 5
Protesta sa mga paaralan 7
Pagbawas ng diskwento sa NKTI 7
Protesta kontra-EDCA 8
Barikada sa Zambales, binuwag 8
OBR 2016: Rise for revolution 9
Manipulasyon ng presyo ng langis 9
3 sibilyan, pinatay sa ComVal 11
BBL: Diniskaril ng rehimeng US-Aquino 12
JCET: Instrumento ng US 13



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

mento ng mga asendero, malaking burgesya at mga pasista't kriminal na burukratang kapitalista. Dapat walang sawang punitin ang mga ilusyon na makakamit ng bayan ang saligang pagbabago sa pamamagitan lamang ng pakikibakang ligal at parlamentaryo. Dapat walang sawang itaas ang militansya ng bayan para labanan ang naghaharing estado.

"Rebolusyon! Hindi eleksyon!" ang sigaw ng sambayanang Pilipino sa pagtatakwil nila sa mga repormistang ilusyon na pinalalaganap ng naghaharing uri. Sa pamumuno ng Partido, patuloy silang nagmamartsa sa landas ng digmang bayan sa layuning wasakin ang naghaharing estado at wakasan ang mapagsamantala at mapang-aping sistema.

---

# Maka-imperyalistang kulay ng mga kandidato

Ipagpapatuloy ng ilang kandidatong pagkapresidente ang programang Private-Public Partnership (PPP) ng rehimeng US-Aquino sakaling makaupo sila sa poder. Mula't sapul, malinaw ito sa kani-kanilang mga pahayag. Dagdag dito, hindi nila itinatago ang intensyong ipagpatuloy ang bangkaroteng patakaran ng kasalukuyang rehimen kaugnay sa pag-akit ng dayuhang pamumuhunan.

Ang PPP ay isa sa mga patakaran na pinakatinatakam-takam ng malalaking burgesyang kumprador at mga kasosyo nilang malalaking kapitalistang dayuhan. Sa layuning makuha ang suporta ng imperyalismong US, itinutulak ni Bise Presidente Jejomar Binay na bilisan ang pagpapatupad ng mga proyekto sa ilalim ng naturang programa. Ayon sa kanya, ang pinakamahalagang isyu kaugnay ng PPP ay ang "hindi maipaliwanag na mga pagkaantala" ng mga proyekto. Gayundin, ipinangako ni Senator Grace Poe na tatapusin niya ang pitong paliparan na nakabalangkas sa PPP sa unang tatlong taon ng kanyang termino.

Sa kasalukuyan, 12 proyektong PPP—na may pinagsamang halaga na P217.4 bilyon—ang naigawad na ng rehimeng US-Aquino. Dalawa na rito ang naipatupad—ang P2.01 bilyong Daang Hari-SLEX Link Road Project at ang P16.43 bilyong PPP for School Infrastructure Project Phase 1.

Ang kahahantungan ng PPP sa susunod na rehimen ay isa sa pinakamalaking usapin para sa mga negosyante sa bansa. Sa katunayan, idinidiin ng Philippine Chamber of Commerce and Industry kay Aquino na paspasan ang pagpapatupad ng mga proyektong PPP sa nalalabing panahon ng kanyang panunungkulan. Nanawagan na rin ang American Chamber of Commerce of the Philippines sa mga kumakandidatong presidente na ipagpatuloy ang lahat ng naigawad nang proyektong PPP.

Ang totoo, hindi nababahala ang mga dayuhan at lokal na mamumuhunan sa kahahantungan ng PPP kahit malayo ang katayuan ng pangunahing kandidato ng administrasyon na si Sec. Mar Roxas sa mga sarbey. Hindi ipinagbabawal ng Commission on Elections ang pagbibigay ng mga kontrata ng mga proyektong PPP sa panahon ng eleksyon. Magpapatuloy ang naka-iskedyul na *bidding* at pagbibigay ng mga proyekto sa mga pinaborang negosyante. Target ng PPP Center na makagawad ng hindi bababa sa tatlo pang kontrata bago magtapos ang termino ni Aquino. Dagdag pa rito, nangako na rin ang nangungunang mga kandidato na hindi lamang nila ipagpapatuloy ang programa, kundi paghuhusayin pa nila ang pagpapatupad nito para sa mga dayuhang kapitalista. Nangako silang lahat na palalakihin pa ang paggasta para sa makadayuhang imprastruktura. Kasama rito ang badyet para garantiyahan ang tubo ng malalaking kapitalistang namumuhunan.



**Industriya, hindi *ecozones***

Samantala, pinuna ng Anakpawis Partylist si Davao City Mayor Rodrigo Duterte sa pagpabor sa pagtatayo ng mga *economic zones* gaya ng Clark.

Ani Fernando Hicap ng Anakpawis, "...[Pinupuna] namin si Duterte sa kanyang pagpapabor sa dayuhang mga negosyo sa loob ng mga *ecozones*, sa halip na itaguyod ang pagrespeto sa mga karapatan ng manggagawang Pilipino, gaya ng pagpapataas ng sahod, pag-uunyon at pagwewelga."

Kinundena rin ng Anakpawis ang pag-anunsyo ni Duterte na pahihintulutan niya ang hanggang 70% na pag-aari ng dayuhang mamumuhunan sa mga industriya sa bansa.

Ipinahayag ng Anakpawis ang naturang tindig matapos tuligsain ng Kilusang Mayo Uno (KMU) ang pagbabanta ni Duterte. Noong Pebrero 9, nagbitiw si Duterte ng salita na kokontrahin niya ang pagtatayo ng mga unyong manggagawa at binantaang "papatayin" ang mga kasapi ng KMU na hindi susunod dito.

# Platun ng PNP-RPSB, nilipol sa Cagayan

Labimpito ang napatay at 10 ang nasugatan sa mga tropa ng Philippine National Police-Regional Public Safety Battalion 2 (PNP-RPSB2) sa isinagawang ambus ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Eastern Cagayan (Henry Abraham Command o HAC) noong Pebrero 16 sa bayan ng Baggao, Cagayan.

Naganap ang ambus sa Kilometer 13 sa Barangay Pallagao, alas-10 ng umaga, nang rumesponde ang isang kumpanya ng naturang yunit ng PNP sa ginawang pamamarusa ng HAC sa mapaminsalang kumpanyang Brostan Construction noong Pebrero 14. Dahil sa *command detonated* na mga eksplosibo, agad na naparalisa ang buong pwersa ng RPSB na lulan ng dalawang sasakyan at hindi na sila nakapanlaban.

Nauna rito, winasak ng BHB ang kagamitan ng Brostan Construction na nakapwesto sa kahabaan ng daan ng kalapit na Barangay Sta. Margarita. Kabilang dito ang dalawang *backhoe*, isang *dump truck*, isang buldoser at isang *payloader*. Pagmamay-ari ng malalaking kapitalistang dayuhan at lokal ang kumpanya.

Ayon kay Ka Ester Falcon, tagapagsalita ng HAC, ang naturang ambus ay pagpapanagot sa PNP-RPSB sa pagbibigay-proteksyon nito sa mapandambong na operasyon ng Brostan. Itinutulak ng kumpanya ang pagtatayo ng Ngarutngot dam na panggagalingan umano ng proyektong irigasyon ng National Irrigation Administration. Sa katunayan, ang pagmimina sa bundok Ngarutngot ang tunay na pakay ng Brostan. Inilalagay sa panganib ng naturang mga proyektong dam at pagmimina ang buhay at kabuhayan ng mamamayan ng unang distrito ng Cagayan. Direktang apektado ng proyekto ang 12 barangay ng Baggao. AB

# 30 kaswalti, tinamo ng 46th IB sa Pantukan

HINDI BABABA sa 30 ang kaswalti sa tropa ng 46th IB matapos ang serye ng taktikal na opensiba ng BHB sa ilalim ng ComVal-Davao Gulf Subregional Command sa Pantukan, Compostela Valley noong Pebrero 3.

Inilunsad ang unang ambus noong 12:30 ng hapon ng Pebrero 3 sa Sityo Sapang Tin-aw, Barangay Tibagon. Siyam na sundalo ang napatay, kabilang ang kumander ng yunit na si 2nd Lt. Garcia, habang sampu ang sugatan.

Pagsapit ng 7:30 ng gabi, tinambangan naman ng mga Pulang mandirigma ang trak na sinasakyan ng mga sundalo sa Barangay Cabahian. Dalawang sundalo ang napatay, kabilang ang isang 1st Lt. Ralph Pantonial, at pito ang nasugatan. Bago nito, bandang alas-7 ng gabi, napatay sa isnayp ng BHB si Sgt. William Morenio sa Barangay Biasong.

Ayon sa National Democratic Front-Southern Mindanao Region, tuluy-tuloy na maglulunsad ng mga opensiba ang BHB laban sa 46th IB dahil sa pagbibigay-proteksyon nito sa malalaking kumpanya ng mina sa Pantukan.

Samantala, pinarusahan ng Guerilla Front 53 ng BHB-SMR (Herminio Alfonso Command o HAC) si Bernabe Abanilla, hepe ng Civil Security Unit ng North Cotabato, noong Pebrero 7 habang bumaba siya sa kanyang sasakyan sa Barangay Doruloman, Arakan, North Cotabato. Si Abanilla ay isa sa mga *mastermind* sa pagpatay kina Fr. Fausto Tentorio (2011) at Benjaline Hernandez (2002), na parehong pinaslang sa Arakan. Idineklara ni Isabel Santiago, tagapagsalita ng HAC, na isang malaking tagumpay ng mamamayan sa Arakan at ng kilusan ang pagparusa kay Abanilla. AB

## 2-araw na opensiba sa Negros

SUNUD-SUNOD na taktikal na opensiba ang inilunsad ng BHB-Negros (Leonardo Panaligan Command) noong Enero sa Himamaylan City, Negros Occidental.

Dalawang sundalo mula sa 11th IB at isang elemento ng CAFGU (Civilian Armed Forces Geographical Unit) ang napatay. Pinasisinungalingan ng mga opensiba ang ipinagmamayabang ng militar sa Negros na "hindi na kailangang pagtuunan ng pansin" ang BHB sa isla.

Parusa din ang mga ito sa pamamaslang ng naturang mga yunit-militar sa mga sibilyang sina Uldarico Camayodo ng Sityo Cunalum, Barangay Carabalan at Jumar Hilario ng Sityo Pisok, Barangay Buenavista. Tugon din ito sa pagpapalaganap ng militar ng iligal na droga sa Carabalan at Buenavista.

**Enero 14.** Hinaras ng isang yunit ng Pulang mandirigma ang hedkwarters ng Charlie Company ng 11th IB sa Barangay Carabalan, Himamaylan City. Nakadikit ang mga Pulang mandirigma nang hanggang 50 metro sa hedkwarters kaya hindi na nagawang magpaputok ang mga sundalo.

**Enero 18.** Dalawa ang napatay at isa ang nasugatan sa mga elemento ng 11th IB sa pananambang ng BHB. Hinahabol noon ng militar ang BHB na nangharas sa kanilang himpilan. Nasundan ito ng serye ng mga operasyong haras laban sa mga nag-ooperasyong tropa sa mga sityo ng Cantupa at Bantik sa Barangay Buenavista.

Ang serye ng mga opensibang ito ay nagsilbing pagsasanay sa mga bagong kasapi at kumander ng BHB na katatapos lamang maglunsad ng aktibidad-konsolidasyon noong Disyembre 2015. AB

# Ang pamana ng Pag-aalsang EDSA

Tatlumpung taon mula nang Pag-aalsang EDSA, nagpapatuloy ang pamana ng rehimeng US-Corazon Aquino na iniluklok sa poder ng popular na pag-aalsa. Pamana ito ng patuloy na paninilbihan sa mga imperyalista, malalaking panginoong maylupa, at malalaking burgesya-kumprador sa pang-aapi at pagsasamantala sa masang Pilipino.


Ang pagbagsak kay Marcos ay hindi isang panlipunang rebolusyon na dumurog sa mga salot ng imperyalismong US, pyudalismo at pasismo. Ang pinakahayag na pagbabagong idinulot ng Pag-aalsang EDSA ay ang pagpalit ng pamumuno mula sa isang maka-US na hayag na pasistang diktadura tungo sa isang maka-US na paksyong namumuno na may palamuti ng burges na demokrasya.

Napanatili ng imperyalismong US ang kanyang paghahari sa Pilipinas. Ang mga uri ng malalaking panginoong maylupa at burgesya komprador ang patuloy na naghahari sa malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. Ang reaksyunaryong armadong pwersa pa rin ang pangunahing haligi ng kapangyarihang pang-estado.

Bago pa man mailuklok sa kapangyarihan, itinakda na ng US ang mga kundisyong susundin ng magiging bagong punong papet nito, kabilang ang pagpapanatili ng mga base militar ng US sa Pilipinas, na kanyang sinang-ayunan. Nang makaupo si Corazon Aquino sa pamamagitan ng Pag-aalsang EDSA, agad-agad niyang itinulak ang paglalaan ng 47% ng badyet ng gubyerno sa pambayad ng $26 hanggang $30 bilyong dayuhang utang, na kahit kailanma'y di pinakinabangan ng mamamayang Pilipino kundi ibinulsa ng mga kroni ni Marcos. Nagpatuloy ang korapsyon at patuloy na lumaki ang mga utang hanggang sa ito'y humigit-kumulang $6 na trilyon na ngayon.

Hindi lamang ipinagpatuloy ng bagong rehimen ang mga kontra-mamamayan, kontra-paggawa at kontra-magsasakang kautusan ni Marcos, pinatindi pa niya ang mga ito at pinabwelo ang neoliberal na globalisasyon. Ilan lamang sa mga kontra-mamamayang batas ang Omnibus Investments Code na gumagarantiya ng walang hadlang na tubo para sa mga kapitalistang dayuhan mula sa yaman ng bayan, at ang Herrera Law na nagligalisa ng kontraktwalisasyon at mas mahigpit na kontrol ng Department of Labor and Employment sa mga welga. Pumalo ang pagpapatupad ng rehimen sa mga patakaran ng International Monetary Fund at World Bank tulad ng pagpapako ng sahod ng manggagawa, pagbabawal sa welga, anti-industriyalisasyon, import liberalisasyon, at pribatisasyon.

Ang mga butas na sadyang inilakip sa pinakamagastos, pinakamatagal at huwad na programa ng reporma sa lupa, ang Comprehensive Agrarian Reform Program ay ginamit ng mga panginoong maylupa upang mambawi at dagdag na mangamkam ng lupa. Sa pagbwelo ng neoliberal na globalisasyon, lalong bumilis ang pangangamkam ng lupa ng mga dayuhang minahan, plantasyon, at komersyal na empresa kabilang ang mga *mall* at panturistang resort.




Binuhay wari ng rehimeng Corazon Aquino ang mga proseso ng demokrasya sa pamamagitan ng pagbabago ng konstitusyon, pagpapatawag ng kongreso, pagbibigay laya sa masmidya at paglulunsad ng eleksyon. Ngunit hindi pa nagtatagal ay nalantad na ang mga pandaraya sa plebisitong Pebrero 2 at eleksyong Mayo 11, 1987 kung saan itinala ang di-kapani-paniwalang 95% ng mga posibleng botante ang diumano'y nagparehistro at 90% raw ang bumoto. Nasangkot pa rito si Lord Mark Malloch-Brown, isang konsultant sa pulitika ni Corazon Aquino, na siyang nagmamay-ari ngayon ng mga makinang ginamit sa dekompyuter na eleksyon noong 2010 at gagamitin ulit sa eleksyong 2016.

Alinsunod sa pagtatanghal ng mga palamuti ng burges na demokrasya, ibinalik ni Corazon Aquino ang mga pormal na pribilehiyo ng kasulatang *habeas corpus* at pinalaya ang mga detenidong pulitikal ni Marcos. Ngunit mula noon, wala nang iniunlad ang paggalang sa mga karapatang tao. Mapapahiya ang rekord ni Marcos ng pananalanta sa masa sa rekord ng sumunod na mga rehimen. Anim na milyon ang napalikas sa kanilang mga lugar, 150,000 ang pinatay at 100,000 ang sugatan sa mga operasyong militar sa loob ng 21 taon ng paghahari ni Marcos. Di bababa sa 70,000 ang ikinulong nang walang kaso. Hanggang sa kasalukuyan, walang ni isa sa sumunod na rehimen ang naging interesadong parusahan ang mga sundalo at upisyal na sangkot sa mga paglabag na ito. Agad pa ngang tinaasan ng rehimeng Corazon Aquino ng 47% ang badyet militar at 60% ang sweldo ng mga pwersa ng Armed Forces of the Philippines

(AFP), at patuloy pang tumaas sa sumunod na mga rehimen.

Sa direksyon ng mga pinuno ng Pentagon at Central Intelligence Agency (CIA) ng US na sina Gen. John Singlaub at Ray Cline, 1986 pa lamang ay inatake na ng mga pwersang militar at paramilitar ang mga aktibista at lider masa sa kanayunan at kalunsuran, kabilang ang lantarang pagpaslang kina Rolando Olalia, tagapangulo ng KMU at Lean Alejandro, pangkalahatang kalihim ng Bayan. Habang sa hayag ay nananawagan ng rekonsilyasyon, Marso 1986 pa lamang ay nagtalaga na ng mahigit 15 batalyong pangkombat laban sa mga rebolusyonaryong pwersa sa kanayunan. Ang laganap na mga masaker, asasinasyon, tortyur, istraping, pagsosona at pagpapalikas na ipinatupad sa panahon ng Total War ni Corazon Aquino ay tinularan ng gayon din kabangis na mga kampanyang kontra-mamamayan na dinisenyo ng US sa bawat sumunod na rehimen. Kasabay nito, ang mga upisyal militar ay binigyan ng mga sensitibo at makapangyarihang pusisyon sa matataas na antas ng burukrasyang sibil. Ang Oplan Lambat Bitag 1, 2 at 3; Oplan Makabayan; Oplan Balangay; Oplan Bantay Laya 1 at 2; hanggang Oplan Bayanihan ng rehimeng US-Benigno Aquino ay patunay na buhay na buhay ang pasismo kahit may kamoplahe itong burges na demokrasya.

Hindi pa man pinopormal ng mga sumunod na rehimeng Ramos, Estrada at Benigno Aquino ang kasunduang militar tulad ng Mutual Logistics Support Agreement at Visiting Forces Agreement, namayagpag na sa Pilipinas ang mga tagapayo ng US, tagapagsanay, lihim na operatiba ng Pentagon at CIA, mga tropang katihan at nabal kasama sa mga tropa ng AFP. Patuloy silang nagsasagawa ng panghimpapawid at pandagat na mga operasyong paniniktik, nagpopondo sa mga death squad at grupong vigilante nang tuwiran o kaya'y sa pamamagitan ng CIA at mga internasyunal na anti-komunistang organisasyon. Sa pagtitibay ng EDCA, lalong nagiging garapalan ang panghihimasok ng US sa bansa at paghahanda nito sa tuwirang agresyon.

Nanatili man ang bulok na malakolonyal at malapyudal na sistema, hindi nagpatali ang mamamayan sa katangian ng ipinapalit na rehimen. Ipinakita ng mga pangyayari na hindi na makapamuno sa dating paraan ang naghaharing uri. Mula sa dating burges na demokrasya, ipinataw nito ang batas militar upang pigilin ang rebolusyonaryong kilusan. Nang lalong lumakas ang kilusan, ipinalit naman ang palamuting burges na demokrasya. Ngunit hindi pa rin humuhupa ang pagnanais ng mamamayan na patalsikin ang di na masikmurang nang-aapi't nagsasamantalang mga rehimen. Sa kabila ng iba't ibang panlilinlang, namumulat, na-oorganisa at kumikilos ang masa para sa kanilang paglaya. Nagpapatuloy ang malapad na demokratikong kilusan ng mamamayan sa kalunsuran at kanayunan. Patuloy na lumalakas ang rebolusyonaryong armadong pwersa at lumalawak ang mga rebolusyonaryong base sa kanayunan, at naitatayo na ang mga demokratikong pamahalaang bayan sa pinakamatatatag na lugar. Tuntungan ito ng susunod na mga daluyong ng paglaban.

Pamana ng rehimeng US-Aquino ang walang hangganang pananalasa ng neoliberal na globalisasyon sa kabuhayan ng mamamayan, ang patuloy na paghahari ng mga dinastiyang burges-komprador-panginoong-maylupa at ang pribilehiyo nilang korapsyon, ang walang-pananagutang militarisasyon, pagyurak sa karapatang tao, at ang himod-sa-talampakang pangangayupapa sa imperyalismong US. Pamana itong ipinagpapatuloy ng "tuwid na daan," Oplan Bayanihan at EDCA ng pangalawang rehimeng US-Aquino.

Pamana naman ng Pag-aalsang EDSA sa mamamayan ang isang tradisyon ng paglaban para ibagsak ang isang kasuklam-suklam na rehimen sa paraang hindi nakatali sa mga hangganang itinakda ng burges na batas.

Ang Pag-aalsang EDSA, tulad ng iba pang pangkasaysayang pag-aaklas ng mamamayang Pilipino sa kasaysayan, ay malawakang nilahukan at binigyang-sigla ng mga kabataang Pilipino.

Isang salinlahi bago ng EDSA, mga kabataang hinubog sa "anti-komunismo" at "konserbatismo" ang hindi inakalang mangunguna sa paglikha ng Sigwa ng Unang Kwarto at Komuna ng Diliman na pawang nagwagayway ng pulang bandila ng rebolusyon. Humugos naman sa Pag-aalsang EDSA ang mga kabataang tinangkang hubugin ng edukasyong dinisenyo ng kontrolado ng US na Presidential Commission to Survey Philippine Education at lumaki sa mantra ng "sa ikauunlad ng bayan, disiplina ang kailangan."

Isang salinlahi muli pagkatapos nito, ang "Generation X" ng mga kabataang wari'y nagkamalay sa "rekonsilyasyon," at "yellow magic", at lumaki sa panlalansi ng "democratic space", ang siyang bumuo sa bulto ng Pag-aalsang EDSA 2 na nagbagsak sa kahiya-hiyang rehimeng US-Estrada.

Ang kasalukuyang salinlahi ng mga kabataang milenyal (mga kabataang ipinanganak sa katapusan ng siglong 1900) na lumaki sa "social media" at kaisipang "YOLO" (*you only live once*), salinlahing hinubog sa indibidwalismo at mga kaisipang neoliberal, ang siyang henerasyong tagapagmana ng EDSA 1 at 2. Sila rin ang kikilos sa bagong mga pag-aalsa oras na mapunit ang mga ilusyon at panlilinlang na kumukulapol sa kanilang kamalayan.

Ang pagkakaisa ng mga kabataang-estudyante sa masang anakpawis at puspusang pagsusulong ng pambansa-demokratikong kilusang propaganda at mga demokratikong kilusang masa ang lilikha ng bagong daluyong ng mga protestang hahantong sa bagong pangkasaysayang pag-aalsang hihigitan ang lahat ng pag-aalsa sa nakaraan. AB

# Protesta sa mga paaralan, sunud-sunod

Sunud-sunod na mga protesta ang inilunsad ng mga estudyante at guro laban sa komersyalisado at kolonyal na sistema ng edukasyon noong Enero at Pebrero.

**#AyokoMagmahal**

Sa pangunguna ng Anakbayan, League of Filipino Students at Kabataan Partylist, inilunsad noong Pebrero 12 ang kampanyang #AyokoMagmahal, isang pambansang protesta laban sa pagtaas ng matrikula at iba pang bayarin sa mga kolehiyo at unibersidad.

Bago nito, nagrali ang mga estudyante noong Pebrero 8 sa harap ng Commission on Higher Education (CHED) upang kundenahin ang tinatayang 5-12% pagtaas ng matrikula para sa susunod na pasukan. Kabilang sa magtataas ng matrikula ang mga unibersidad na nagtala ng pinakamalalaking kita sa nagdaang taon, katulad ng Far Eastern University, Lyceum of the Philippines at University of the East.

Bitbit din na panawagan ng kampanyang #AyokoMagmahal ang pagkundena sa dumaraming kaso ng mga mag-aaral na nagpakamatay dulot ng mataas na gastusin sa edukasyon.

Noong Pebrero 11, nagpakamatay si Jessiven Lagatic, 4th year *graduating student* ng Central Bicol State University of Agriculture, matapos mawalan ng *scholarship*. Si Lagatic ang panlimang estudyanteng nagpakamatay sa ilalim ng rehimeng Aquino.

**Serye ng protesta sa UP**

Samantala, matagumpay na napaatras ng mga mag-aaral at guro ng University of the Philippines (UP) sa Diliman ang panukalang pagbabago ng kurikulum ng unibersidad matapos ang serye ng mga protesta.

Nagsagawa ng protesta ang mga grupo ng mag-aaral at guro sa pangunguna ng Anakbayan at Student Alliance for the Advancement of Democratic Rights in UP (STAND-UP) sa unang araw ng klase sa UP noong Enero 19. Nagmartsa rin ang mga estudyante mula sa UP Diliman patungong CHED noong tanghali ng Enero 22. Noong Enero 25, kinalampag nila ang ginanap na pagpupulong ng konseho ng unibersidad na tumalakay sa nasabing pagbabago ng kurikulum. Sa botohan ng konseho, tutol ang 256 kasapi habang 187 lamang ang pabor sa pagbabago ng programang General Education (GE o pangkalahatang edukasyon).

Tinutulan ng mga estudyante ang panukalang bawasan ang programang GE mula 45 yunit (15 kurso) tungo sa 21. Ayon sa Anakbayan, layunin lamang nito na iayon ang kurikulum ng unibersidad sa pangangailangan ng malalaking dayuhang negosyo para sa murang paggawa. Hinahawan nito ang daan para sa mas maraming espesyalisadong kurso sa kurikulum sa balangkas ng programang K-12 at ng integrasyon ng mga bansang kasapi ng ASEAN.

Dagdag pa ng grupo, gagawing opsyonal ang pagkuha ng mga kursong Pilipino at maglalagay ng mga babala sa mga kursong ituturo sa wikang Pilipino para pigilan ang mga estudyante na kunin ang mga ito.

Sa kaugnay na balita, nagsampa ng petisyon ang mga magulang, guro at mag-aaral ng Manila Science High School sa Korte Suprema noong Pebrero 15 para ipatigil ang pagpapatupad ng programang K-12. Ayon kay Atty. Severo Brillantes, dapat na tugunan ng mataas na korte ang kanilang apela dahil nagsisimula na ang mga eksam para sa mga gustong pumasok sa mga unibersidad at kolehiyo sa susunod na pasukan. AB

## Pagbawas ng diskwento sa NKTI, tinuligsa

NOONG Pebrero 12, naglunsad ng kilos-protesta ang mga pasyente ng National Kidney Transplant Institute (NKTI) sa harap ng ospital upang tutulan ang pagtatanggal nito ng 80% diskwento para sa mga mahihirap na pasyenteng may sakit sa bato.

Mula sa 80%, ibinaba tungong 20% ang diskwento para sa *hemodialysis* ng mahihirap na pasyente. Kahit ang mga pasyenteng saklaw ng PhilHealth ay oobligahin nang magbayad ng dagdag na P550 para sa isang sesyon ng *hemodialysis* at P951 para sa gamot na gagamitin dito. Kakailanganin na rin nilang magbayad ng P1,500 para sa *dialyzer,* ang *filter* na ginagamit para sa paglilinis ng dugo.

Kung walang diskwento, umaabot sa P4,500 ang kabuuang gastos para sa isang sesyon.

Ang *hemodialysis* ay isang prosesong medikal na pinagdaraanan ng isang pasyenteng may *chronic kidney failure* (hindi na gumagana ang bato). Nililinis nito ang dugo ng maysakit sa pamamagitan ng pagpapadaloy ng dugo sa isang espesyal na makina na nag-aalis ng dumi at labis na tubig, bago ito ibalik sa katawan ng pasyente. Muli nitong napapagana ang bato pero kailangan itong isagawa nang regular at habambuhay ng isang pasyente.

Ayon sa upisyal ng NKTI, inalis ng ospital ang diskwento sa *hemodialysis* para itulak ang *kidney transplant* sa halip ng habambuhay na prosesong ito. Parehong magastos at mabigat para sa mahihirap ang dalawang prosesong medikal. Umaabot sa P1 milyon ang gagastusin sa isang *kidney transplant*, liban pa sa P30,000 na gastusin para sa panghabambuhay na gamot. AB

# Protesta kontra-EDCA, tuluy-tuloy

SA PAGGUNITA ng ika-117 taon ng Digmaang Pilipino-Amerikano, nagmartsa patungong US Embassy ang mga kasapi ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) noong Pebrero 4.

"Mahigit 1.5 milyong Pilipino ang pinaslang sa ilalim ng marahas na kampanyang 'mapagpalayang asimilasyon' ng imperyalistang Estados Unidos," ayon kay Charisse Bañez, pambansang tagapangulo ng League of Filipino Students.

Noong Pebrero 3, nagsampa ang mga progresibong abugado at sektor sa pangunguna ng Bayan ng *motion for reconsideration* sa Korte Suprema hinggil sa pagdedeklara nitong konstitusyunal ang Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA).

Kaugnay nito, naglunsad ng rali ang Bayan-Northern Mindanao Region para tutulan ang nakaambang paggamit ng militar ng US sa Lumbia Airport na nasa Cagayan de Oro City. Walang naniniwala na gagamitin lamang ang paliparan para imbakan ng mga gamit pangkalamidad, tulad ng ipinagpipilitan ng mga tagapagsalita ng rehimen.


Sa isang pahayag ni Cesar Renerio, tagapagsalita ng National Democratic Front-North Central Mindanao Region, magiging mapaminsala ang presensya ng pwersa ng US sa rehiyon. Sa pamamagitan ng EDCA, mailulunsad ng US ang anumang porma ng operasyon at aktibidad sa mga napagkasunduang lugar.

**US-Asean Summit**

Dagdag sa EDCA, tuluy-tuloy ang pangangayupapa ng rehimeng Aquino sa US. Noong Pebrero 15, dumalo si Aquino sa inilunsad ng US na kauna-unahang US-ASEAN (Association of Southeast Asian Nations) Summit sa Sunnylands, California. Ginanap ang pagtitipon para himukin ang 10 pinuno ng mga bansa sa Southeast Asia na magkaroon ng depinidong pusisyon laban sa China. Sa nakaraan, bigo ang ASEAN na magbuo ng tindig laban sa China kahit sa usapin ng pinag-aagawang teritoryo sa South China Sea.

Ginamit ng US ang pagkakataon para itulak ang Trans-Pacific Partnership, kung saan kasapi na ang Vietnam, Singapore, Brunei at Malaysia. Nagkakahalaga ng mahigit $254 bilyon ang kalakalan ng mga produkto at serbisyo sa pagitan ng US at rehiyong Southeast Asia, katumbas ng kalahati ng kabuuang kalakalan nito sa China. Ang kulumpon ng mga bansang ito ang pangatlong pinakamalaking kakalakalan ng US at ang pinakamalaking tambakan ng puhunan nito sa Asia.

Ang pagpupulong ay lundo ng mga maniobrang diplomatiko ng US sa Southeast Asia. Sa nakaraan, pitong ulit na bumisita si US Pres. Barack Obama sa rehiyon para buuin ang diplomatikong relasyon sa mga bansa sa rehiyon. Kabilang sa pinalakas ng US ang mga relasyon sa ekonomya at militar sa mga hunta at diktadura sa Cambodia, Thailand at Myanmar. AB




## Barikada sa Zambales, binuwag

NOONG Pebrero 7, marahas na binuwag ng mga pulis ang barikada ng mga residente ng Barangay Bayto, Sta. Cruz sa Zambales laban sa operasyon ng Zambales Diversified Mining Corporation (ZDMC), Filipinas Mining, Benguet Nickel Mining Inc. at Eramen Minerals Corp. sa kanilang komunidad. Marami ang nasaktan sa pambubuwag. Apat ang iligal na inaresto ng mga pulis.

Noong Pebrero 10, sinampahan ng ZDMC ang 10 residente ng paglabag sa Mining Act matapos nilang barikadahan ang *mining site* at harangan ang mga trak ng kumpanya mula pa Enero. Kabilang sa mga kinasuhan ang isang konsehal ng Sta. Cruz, dalawang kagawad ng barangay, isang pastor at ang dalawang upisyal ng Concerned Citizens of Sta. Cruz, ang organisasyong namuno sa barikada.

Ang ZDMC ay pagmamay-ari ng DM Consunji Incorporated Holdings, isa sa pinapaborang kumprador ng rehimeng US-Aquino.

Ayon sa mga residente, dapat nang itigil ng nabanggit na mga kumpanya ang kanilang mga operasyon dahil napatunayang lumalabag sila sa pamantayang pangkalikasan ng Mines and Geosciences Bureau. Noong Abril 2015, pansamantalang itinigil ng mga kumpanya ang kanilang pagmimina pero nagsimula ulit pagkalipas ng tatlong buwan sa pagdadahilang umaayon na diumano sa mga pamantayan ang kanilang mga operasyon.

Pero sa isang pagsisiyasat ng Center for Environmental Concerns, dumaloy mula sa *excavation site* ang mga pinong latak ng mina matapos ang bagyong Lando noong Oktubre 2015. Dagdag dito, mahigit 1,000 ektaryang taniman ang sinira upang bigyan-daan ang operasyon ng minahan. AB

# Manipulasyon sa pagpepresyo ng langis

Muli na namang nakaamba ang pagtaas ng lokal na presyo ng mga produktong petrolyo nitong Pebrero. Ito ay sa kabila ng tuluy-tuloy na pagbagsak ng presyo ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan.


Bumagsak nang 75% ang pandaigdigang presyo ng krudong langis (kung kukwentahin sa halagang piso) mula nang magsimula ang pagbaba ng presyo nito noong kalagitnaan ng 2014. Gayunpaman, ibinaba lamang ng mga kumpanya ng langis sa bansa ang mga presyo ng produktong petrolyo nang 53% (*diesel*) at 29% (gasolina).

Mas malala pa, paulit-ulit na itinaas ng naturang mga kumpanya ang presyo sa panahong tuluy-tuloy ang pagdausdos nito sa pandaigdigang merkado. Kabilang dito ang halos P4 pagtaas sa presyo ng gasolina at P3 pagtaas sa presyo ng *diesel* noong Pebrero 2015.

Tinukoy ng IBON Foundation na ang $23 (P1,099) kada bariles ng krudong langis ay kasinghalaga ng presyo ng krudo noong taong 2000. Noong taong iyon, nasa P14.24 lamang ang *diesel* at P17.08 lamang ang gasolina, malayo sa kasalukuyang umiiral na presyong P19-20 kada litro ng *diesel* at P34-35 kada litro ng gasolina.

Isa sa pinakaapektado ng pagtaas-baba ng presyo ang pamasahe ng mga pampublikong dyip. Noong Enero, kagyat nang ibinaba ng mga drayber at opereytor ang pamasahe mula P8 tungong P7. Ito ay sa kabila ng mataas na gastos sa pagmamantine ng kanilang mga sasakyan.

Mas mabagal at mas maliit ang ibinaba sa pamasahe ng iba pang pampublikong sasakyan, tulad ng MRT at LRT, mga barko at eroplano, gayong pinatatakbo rin ang mga ito ng mga produktong petrolyo. Masahol pa, wala itong epekto sa presyo ng mga batayang pangangailangan, na noo'y lagi't laging sinasabing apektado ng bawat pagtaas ng presyo ng langis.




**Ang pagbagsak ng pandaigdigang presyo**

Noong Pebrero 16, nagkasundo ang Russia, Saudi Arabia at dalawa pang bansa sa ilalim ng OPEC na ipako ang kani-kanilang produksyon ng langis sa antas nito noong Enero para pigilan ang tuluy-tuloy na pagbaba ng presyo sa pandaigdigang merkado.

Sa nakaraang 18 buwan, tuluy-tuloy ang pag-alagwa ng pandaigdigang produksyon ng langis sa kabila ng lumiliit na demand o pamilihan. Noong huling bahagi ng 2015, tinayang umaabot na sa 1-2 milyong bariles kada araw ang sobrang langis sa pamilihan.

Sa nakaraang limang taon, tuluy-tuloy na itinaas ng US ang produksyon nang hanggang 66%. Binaha ng US ang sarili nitong merkado ng murang langis mula sa *shale* (isang klase ng bato) at *fracking*

# Libu-libo, nakiisa sa One Billion Rising: Rise for Revolution

NAKIISA ang iba't ibang sektor sa taunang One Billion Rising (OBR), ang pandaigdigang kampanya para tutulan ang karahasan sa kababaihan at mga bata. Sa ikaapat nitong taon, itinaas ng mga organisasyong nagtataguyod sa karapatan ng kababaihan ang kanilang panawagan ang temang, "One Billion Rising: Rise to Revolution".

Noong Pebrero 14, libu-libong kababaihan ang nagtipon sa harap ng Lapu-Lapu Shrine, Rizal Park sa Maynila. Sa pamamagitan ng pagsayaw, pagtatanghal at mga pahayag, kinundena nila ang paglala ng kahirapan at pang-aabuso sa milyong kababaihang Pilipino.

Sa Cebu, ilang libo rin ang dumalo sa OBR na inilunsad noong Pebrero 11 sa UP Cebu Oblation Square at Provincial Capitol Grounds.

Noong Pebrero 12, isinagawa ng kababaihang-simbahan ang OBR sa Quezon City Memorial Circle bilang pakikiisa sa pakikibaka ng mga Lumad. Ayon kay Darlene Caramanza ng Ecumenical Women's Forum, "Nagtipon kami upang ipahayag ang aming pakikiisa sa ating mga kapatid na Lumad na patuloy na nasa panganib dahil sa matinding pandarahas at militarisasyon sa kanilang mga lupang ninuno."

Kasabay nito, muli ring pinagtibay ng UP Baguio at Diliman ang kanilang paninindigan at pakikiisa laban sa lahat ng anyo ng karahasan sa kababaihan. Sa datos ng Center for Women's Resources, mahigit 200% porsyento ang itinaas ng karahasan laban sa kababaihan mula 2010 hanggang 2014.

Ang mga aktibidad na ito ay sinaksihan ni Eve Ensler, manunulat na pasimuno ng OBR, na nasa bansa ngayon para makiisa sa kababaihang Pilipino. Naglunsad rin ng OBR sa mga prubinsya at syudad ng Davao, Baguio, Sorsogon, Pampanga, Tacloban at Negros. AB

(pagbomba ng tubig para pwersahing umakyat ang naka-imbak na langis). Noong 2015, ang US na ang pinakamalaking prodyuser ng langis at *natural gas* sa buong mundo. Tuluy-tuloy na pinalaki ang produksyon ng US ng *shale oil* sa tangkang ibagsak ang presyo nito at umagaw ng mga pamilihan, kapwa sa North America at Europe.

Bumagsak na nang 70% ang presyo ng krudong langis, mula $102/bariles (P4,458) noong Agosto 2014 tungong $23/bariles (P1,099) noong ikatlong linggo ng Enero.

Malaki na ang nakaltas sa dating kinikita ng mga bansang nag-eeksport ng langis. Maging ang Saudi Arabia ay nagbawas na ng subsidyo sa mga serbisyong panlipunan dahil sa lumiit na kita. Nagsisimula na ring malugi ang maraming kumpanya na nagresulta sa pagtigil ng produksyon at tanggalan sa trabaho ng mga manggagawa (kabilang ang mga migranteng manggagawang Pilipino). May mga bansang nasa bingit ng pang-ekonomyang pagbagsak tulad ng Azerbaijan at Nigeria na kapwa humihingi sa mga bangko ng pondong panaklolo na $4 na bilyon.

Dahil sa pagsadsad ng presyo ng langis, bumagsak nang 87% ang tubo ng Shell. Nagtanggal ito ng 7,500 manggagawa noong 2015 at planong magtanggal pa ng 2,800 sa taong ito. Nalugi naman nang $4.1 bilyon ang operasyon sa US ng Chevron noong 2015. Sa labas naman ng US, ang tubo nito ay bumagsak nang 85%. Ang tubo ng ExxonMobil ay bumagsak nang 58% noong 2015 at balak na bawasan nang 25% ang kapital sa operasyon. Nagtanggal nang 7,000 manggagawa sa British Petroleum matapos malugi nang $5.2 bilyon noong 2015 kumpara sa tubong $8.1 bilyon noong 2014.

Simula 2015 ay kaliwa't kanan ang mga manggagawang nagwewelga sa mga kumpanya sa US na prodyuser ng *shale oil* matapos na bumaba sa $70/bariles ang pandaigdigang presyo at napilitan magbawas ng produksyon nang hanggang 100,000 bariles/araw.

Wala pang nakikitang katapusan ang pagbagsak ng presyo ng langis. Ang pagliit ng pamilihan ng langis ay salamin ng patuloy na lumalalang krisis sa sobrang produksyon na bumabatbat sa pandaidigang sistemang kapitalista. Bagaman bahagyang lumaki pa ang inimport na langis ng China noong 2015, inaasahan na liliit ito sa mga darating na taon bunsod ng pagtumal ng manupaktura.

Kahit maipatutupad ang desisyon ng Saudi Arabia at Russia na bawasan ang produksyon, nananatiling malaki pa rin ang imbentaryo ng sobrang langis sa pamilihan. Katunayan, madadagdagan pa ang suplay ng langis ngayong ipinawalambisa na ng imperyalismong US ang embargo ng pag-eksport ng langis ng Iran.

**Mababang presyong langis, kontra Russia**

Sa nakaraan, nagdudulot ng matatarik na pagtaas ng pandaigdigang presyo ng langis ang mga tunggalian na bunsod ng mga lantad at tagong panghihimasok at mga gerang agresyon ng imperyalismong US at mga kaalyado nito sa Middle East. Pero mula 2014, hindi natinag ang pabagsak na padron ng mga presyo sa kabila ng matitinding sigalot sa rehiyon.

Mas nangibabaw ang kapasyahan ng US na manipulahin ang pandaigdigang presyo para ipresyur ang Russia na nagsisilbing balakid sa ekspansyon ng kapangyarihang militar at pulitikal nito kapwa sa Central Asia at Middle East, at paatrasin ang suporta nito sa rehimen sa Syria at Iran.

Noong Setyembre 11, 2014, nakipagkasundo ang Saudi Arabia sa US na panatilihing mataas ang produksyon nito para pahinain ang kita ng Russia mula sa inieksport nitong langis at gas. Umaabot sa 60% ng kabuuang eksport ng Russia at 30% ng GDP nito ang nanggagaling sa pagbebenta ng langis at gas.

Sa taya ng US, kailangan ng Russia na manatili ang pandaidigang presyo sa $80/bariles para iwasan ang malawakang pagkabangkrap ng mga industriya at tustusan ang malaking bahagi ng pambansang badyet nito. Sa tulak ng Office of Terrorism and Financial Intelligence ng US Treasury, binaha ng Saudi Arabia ang merkado ng sobrang suplay ng langis sa kabila ng mga panawagan ng kagrupo nitong bansa sa OPEC na magbawas ng produksyon. Kasabay nito, nag-alok ang Saudi Arabia ng mura o nakadiskwentong langis sa Asia, partikular sa China, para makapagpalawak diumano ng merkado roon. Ang China ay isa sa pinakamalaking alyado ng Russia.

**Ispekulasyon sa presyo**

Malaking bahagi ng presyo ng langis ay itinatakda hindi ng suplay o demand kundi ng manipulasyon ng pinakamalalaking ispekulador sa pinansya sa merkado nito. Sa aktwal, umaabot lamang sa 2% ang mga kontratang ibinebenta sa pandaigdigang pamilihan ang may direktang kinalaman sa suplay. Ang malaking mayorya ay mga *futures* (mga kontrata na nakabatay sa ispekulasyon ng presyo ng produkto sa hinaharap) at samutsaring instrumentong pinansyal.

Tinatayang umaabot sa 60% ng presyo ng langis ay dulot ng ispekulasyon sa pamilihan ng langis. Ang pamilihang ito ay kontrolado ng pinakamalalaking bangko at ispekulador sa pinansya na nakabase sa US, partikular ng Morgan Stanley at Goldman Sachs. Naitatakda ang presyo ng mga "futures" sa tulong ng mga kakutsaba nitong mga ahensya sa *rating,* mga diumano'y eksperto sa langis at maging ng malalaking midya na hawak ng mga imperyalista.

Noong Setyembre 2015, inianunsyo ng Goldman Sachs na maglalaro mula $20 tungong $40/bariles ang presyo ng krudong langis hanggang sa ikalawang hati ng taon ng 2016. AB

# Tatlong sibilyan, pinaslang sa Compostela Valley

Tatlong sibilyan ang pinaslang ng militar sa Compostela Valley nitong buwan ng Pebrero habang isang menor-de-edad ang dinakip at idinetine matapos pagbintangang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan. Isang tim naman ng grupong Karapatan ang hinaras ng militar at pinigilang makapasok at makapaglunsad ng imbestigasyon sa mga militarisadong komunidad.

Noong Pebrero 7, namatay si Alejandro Laya-og, 36, nang tamaan ng bala sa likod at ulo, habang nasa terminal siya sa bayan ng Maragusan. Si Laya-og, isa sa mga tagapagtatag ng Kahugpongan sa Mag-uuma sa Magcagong (Kamama), ay pinagbibintangan ng 25th IB na kasapi ng BHB. Lumalaban ang Kamama sa presensya ng mga sundalo at kanilang paglabag sa karapatang-tao sa mga komunidad sa Maragusan. Tumulong din si Laya-og sa pagtatayo ng eskwelahang Lumad na Salugpongan Community Learning Center.

Noong Pebrero 9 naman, pinaslang si Jennifer Albacite, 40, isang tindera ng saging sa palengke ng bayan ng Compostela. Naniniwala ang Karapatan na napagkamalan si Albacite sa kapatid niyang si Jeannirose Porras, isang kasapi ng Compostela Farmers' Association (CFA), na siyang totoong target. Mariing nilalabanan ng CFA ang pagpasok ng Agusan Petroleum Mining Company (AgPet) sa Compostela at mga karatig-bayan.

Sa araw ding iyon, binaril sa dibdib si Ronel Paas, 35, isang minero, nang walang-habas na nagpaputok ng mga baril at kanyon ang mga sundalo ng 46th IB sa Barangay Napnapan, Pantukan. Isinugod si Paas sa ospital, ngunit namatay siya bago pa makarating dahil isang oras siyang idinetine pati mga kasamahan niya sa detatsment sa Barangay Tibagan sa bintang ng militar na kasapi sila ng BHB.

Tinamaan din sa paa ang isang 14-na-taong batang lalaki sa walang habas na pamamaril ng mga sundalo. Imbes na saklolohan, inaresto ng militar ang batang lalaki at dinala sa Camp Panacan sa Davao City, kung saan iprinesenta siya bilang "batang mandirigma" ng BHB. Mapanlinlang na sinabing nadakip ang bata sa serye ng mga engkwentro sa pagitan ng militar at BHB sa Pantukan noong Pebrero 11, dalawang araw matapos ang pamamamaril sa kanilang barangay.

Noong Pebrero 11, hinaras ng militar ang 30-kataong delegasyon ng Karapatan at mga upisyal ng lokal na gubyerno na tumungo sa Barangay Napnapan upang imbestigahan ang nangyaring insidente roon. Habang patungo ang grupo sa Sityo Post 4, dalawang beses silang pinaputukan ng militar. Ayon sa Karapatan, isinasagawa ng 46th IB ang mga pang-aatake upang hawanan ang daan sa pagpasok ng malakihang operasyon sa pagmimina sa prubinsya. Tinotortyur ng 46th IB ang mga minero para ipatigil ang kanilang mga operasyon. Pinwestuhan naman ng mga sundalo at kanyon ang kanilang mga komunidad sa Mabini, Pantukan at mga karatig-bayan.

### Pagbisita sa mga Lumad

Binisita ni Eve Ensler, isang peministang manunulat at aktibista mula sa Amerika, ang mga bakwit na Lumad sa Haran Compound ng United Church of Christ in the Philippines sa Davao City noong Pebrero 12.

Naiyak si Ensler nang mapagalaman ang mga pang-aabuso sa karapatang-tao na dinanas ng mga bakwit sa kamay ng militar at ang walang-humpay na militarisasyon sa kanilang mga komunidad.

Nanawagan din si Ensler sa gubyerno na agarang paalisin ang militar mula sa lupang ninuno ng mga Lumad. Si Ensler ang nagpasimuno sa pandaigdigang kampanya na One Billion Rising laban sa pang-aabuso sa kababaihan.

Nasa 57 pamilyang Lumad na ngayon ang umalis sa kanilang mga komunidad at kasalukuyang nakikisilong sa Haran Compound matapos ang madugong pagpaslang ng menor-de-edad na estudyanteng si Alibando Tingkas noong Enero 29.

### Hindi CAFGU

Pinasinungalingan ng National Democratic Front (NDF)-Bicol ang paratang ng 9th ID at pulis na ang BHB ang pumaslang kay Bing Obias noong Pebrero 13. Ayon sa militar at kapulisan, si Obias daw ay isang aktibong elemento ng CAFGU na nakabase sa Barangay Pili Tabiguian, Caramoan, Camarines Sur na pinagbabaril ng mga Pulang mandirigma.

Ayon kay Maria Roja Banua, tagapagsalita ng NDF-Bicol, walang kinalaman ang BHB sa naturang pagpaslang. Pinasinungalingan din niya na kasapi ng CAFGU si Obias. Aniya, "Si Obias ay mula sa uring magsasaka at tunay na residente ng Pili Tabiguian."

Natagpuan ang bangkay ni Obias, na may tama ng bala sa ulo, ilang metro lamang ang layo mula sa detatsment ng 22nd IB-CAFGU. Si Obias ay kasapi ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid, ang rebolusyonaryong organisasyon ng mga magbubukid.

"Kinukundena ng NDF ang arbitraryong pagbibintang ng PA at PNP upang bigyan ng hustipikasyon ang pamamaslang at ituro agad ang NPA na siya diumanong may gawa ng krimen. Ito ay isa lamang sa mga desperadong tugon ng 9th ID na pagbalingan ang sibilyan," dagdag ni Banua. Naganap ang pamamaslang dalawang araw matapos ang operasyong haras ng BHB sa detatsment ng 22nd IB noong Pebrero 11. AB

# BBL: Diniskaril ng rehimeng US-Aquino

Tuluyan nang isinaisantabi ng rehimeng US-Aquino ang Bangsamoro Basic Law (BBL) matapos mabigo itong pagtibayin sa pagtatapos ng Kongreso noong Pebrero 3. Napatunayang hungkag ang pangako ng rehimeng US-Aquino sa Moro Islamic Liberation Front (MILF) na ipapasa ang naturang panukalang batas na ibinunga ng pakikipagkasundo ng MILF sa Gubyerno ng Pilipinas (GPH). Hindi katulad ng ginawang pagmamadali ng rehimeng US-Aquino sa pagsasabatas ng ilang mga panukala, pinabayaan lamang ni Aquino na paglipasan ng panahon ang BBL.

Ang kabiguan ng rehimen na maisabatas ang BBL ay lalong nagpapaigting ng paninindigan ng mamamayang Moro na ipagpatuloy ang armadong paglaban para sa pagpapasya-sa-sarili. Bagaman umaasa pa rin ang MILF na maitutulak ang BBL sa hinaharap, ipinahiwatig rin nito ang posibilidad na magpapatuloy ang kanilang pakikidigma. Itinanggi kamakailan ni Mohager Iqbal, tagapangulo ng MILF Peace Panel, na sila ay "pagod na sa digmaan" at sinabing malaganap ang pagkasiphayo ng kanilang mga tauhan at nasasakupan.

Nitong Pebrero 10, sumiklab ang mga labanan sa pagitan ng AFP at MILF sa mga bayan ng Datu Salibu at Datu Saudi Ampatuan sa Maguindanao. Noong Pebrero 8 naman, pinigilan ng AFP ang isang lider ng MILF na si Abdullah Macapaar (kilala din bilang Kumander Bravo) at ang kanyang mga tauhan na manatili sa kanyang bayan sa Munai, Lanao del Norte upang makipagkonsultahan sa mga baseng komunidad ng MILF.

Bago pa man mabuo ang BBL, may ilang bahagi na ng MILF ang kumalas at itinayo ang Bangsamoro Islamic Freedom Fighters (BIFF) dahil sa di pagsang-ayon sa itinatakda nitong walang taning na tigil-putukan. Mula noong nakaraang taon, walang-awat ang pagtugis ng militar sa mga pwersa ng BIFF. Puspusan din ang armadong paglaban ng BIFF.

Nito namang Pebrero 8, tinipon ni Nur Misuari ng Moro National Liberation Front ang may 2,000 tauhan sa kanyang kampo sa Indanan, Sulu. Ang pagtitipon na ito ay itinuturing na pagpapalakas sa protesta ng MNLF sa pagbasura ng gubyerno sa kasunduang pangkapayapaan sa pagitan ng GPH at MNLF na nabuo noong 1996.

Ayon sa tagapagsalita ng MNLF na si Absalom Cerveza, ikinalugod nila ang hindi pagkakapasa ng BBL, at magiging mapaminsala umano ang patuloy na pagtutulak dito ng gubyerno. Naiulat na dumalo din sa pagtitipon ang ilang lider at myembro ng BIFF at bandidong Abu Sayyaf Group. Nagpakat na ang AFP ng kabuuang siyam na batalyon at isang kumpanya para lamang sa isla ng Sulu.

Ang usapin ng armadong paglaban ng mamamayang Moro ay matagal nang pinanghihimasukan ng mga pwersang militar ng US sa Pilipinas. Sa isang panig, isinasangkalan ang paglulunsad ng "gera laban sa terorismo" upang bigyang-matwid ang pagpapakat ng paparaming tropa at pag-aarmas at pagsasanay sa AFP at PNP.

Sa kabilang panig, inaasam-asam din ng US na mapahinuhod ang MILF at iba pang armadong pwersa sa Mindanao sa paghahangad na makontrol nito ang likas na yaman sa lupaing ninuno ng mamamayang Moro. Matagal nang pinaglalawayan ng malalaking kapitalistang dayuhan ang tinatayang $1 trilyong natural gas at mga deposito ng langis sa Liguasan Marsh na kontrolado ng MILF at iba't ibang armadong pwersang Moro.

Kaya naman matagal na ring pinanghihimasukan ng imperyalismong US ang pakikipagnegosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng MILF at GPH. Tanging layunin ng GPH sa usapang ito ang pagsalong ng armas ng MILF at mamamayang Moro. Layunin naman ng MILF na ipaglaban ang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili at sa lupaing ninuno.

Nais din ng US at ng rehimeng Aquino na gamitin ang palabas ng "pinal na kasunduan" para idiin ang National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na tumulad sa MILF na pumaloob sa walang taning na tigil-putukan para makabuo ng kasunduang pangkapayapaan. Sa aktwal, pinasakay lamang ng rehimeng US-Aquino ang MILF para buuin ang mga kasunduan na sa katapusan ay kanila ring tatalikuran at ididiskaril.

Sa pagkakabasura sa BBL at nagpapatuloy na paglapastangan sa mga pampulitika at pang-ekonomyang karapatan ng mamamayang Moro, tiyak na magpapatuloy ang kanilang armadong pakikibaka upang ipaglaban ang karapatan sa pambansang pagpapasya-sa-sarili at lupaing ninuno. Paparaming mamamayang Moro ang lalahok sa armadong paglaban na isinusulong ng BIFF, gayundin sa pambansa-demokratikong rebolusyon. AB



Ika-2 Bahagi: Sikretong digmaan ng US sa 135 bansa

# JCET: Instrumento ng panghihimasok-militar ng US

Sandata ng US para sa panghihimasok, pang-aagaw ng kapangyarihan at pananatili ng mga papet nitong diktadurang rehimen sa iba't ibang bahagi ng mundo ang Joint Combined Exchange Training (JCET).


Ang JCET ay programa ng pinagsanib na pagsasanay na nahahalintulad sa US-Philippines Balikatan. Inilulunsad ito ng US Special Operations Command. Sa pamamagitan nito, sinasanay ng US ang mga lokal na tropa at grupo na magtatanggol ng kanilang mga interes sa mga bansang batbat ng kaguluhan at nasa bingit ng disintegrasyon. Isinasagawa ito nang hanggang limang beses sa isang taon.

Pinakagarapal ang paggamit ng US ng JCET sa rehiyon ng Africa kung saan malaki ang pang-ekonomyang interes nito at mga kaalyado nitong bansa tulad ng France at Germany. Sa ilalim ng ang Trans-Sahara Counter-terrorism Partnership, binubuo ng US ang isang hukbong direkta nitong sinasanay at pinopondohan para ipwesto at panatilihin sa poder ang mga pinaborang armadong grupo sa rehiyong ito. Sa limang bansa—Mali, Burkina Faso, Mauritania, Niger, at Tunisia—pinamunuan ng mga upisyal-militar na sinanay sa JCET kapwa ang mga bigo at matagumpay na mga kudeta laban sa mga nakaupo sa poder. Sa Mali noong 2012, nagkudeta ang isa sa mga lokal na upisyal-militar na sinanay ng US Green Berets laban sa halal na pamahalaan. Ang armadong tunggaliang ibinunsod ng kudeta na ito ay nagresulta sa mataas na bilang ng mga sibilyang kaswalti. Noong maagang bahagi ng 2013, tuwiran nang sinalakay ng mga tropa ng France at US ang Mali sa manipis na tabing ng pagkontra sa impluwensya ng Al Qaida sa bansa. Ang totoo, pinoprotektahan lamang ng France at US ang mga interes nito sa Mali, kabilang ang iniluklok nitong papet na diktador.

Noong 2014, ibinagsak naman ng isang gradweyt ng akademyang-militar ng US at ng JCET ang gubyerno sa Burkina Faso. Mga sinanay din ng JCET ang mga upisyal-militar na naglunsad ng mga kudetang suportado ng US sa Mauritania noong 2005 at 2008, sa Niger noong 2010, at sa Tunisia noong 2011.

Bantog sa pandarahas, pang-aabuso at iba pang paglabag sa karapatang-tao ang mga tropang sinasanay ng US. Madugo ang mga rekord ng mga hukbo ng Algeria, Cameroon, Chad, Kenya, Mauritania, Morocco, Senegal, Tunisia, Niger, at Uganda—mga bansa kung saan regular at malimit na isagawa ang JCET.

Noong 2011-2013, halimbawa, espesyal na sinanay ng US Naval Special Warfare Unit 10 (NSWU-10) ang mga hukbong sandatahan ng Cameroon at Chad sa kabila ng mga ulat ng tuluy-tuloy at malulubhang kaso ng pang-aabuso ng mga ito sa sibilyang populasyon. Kabilang dito ang pagpatay at pagmamaltrato sa mga bilanggo at ekstrahudisyal na pamamaslang, pagbabanta, panununtok, pamamaril at pananakit ng mga sibilyan. Sangkot din ang hukbo ng Chad sa pagrerekrut ng mga batang mandirigma, at ang paglusob sa katabing bansang Central African Republic (CAR) noong 2013.



Isinagawa din ang mga JCET sa Algeria at Kenya noong 2012 at 2013, kung saan laganap ang pamamaslang, mga pagdukot, tortyur, panggagahasa at paggamit ng labis na pwersa ng mga armadong pwersa ng gubyerno.

Hindi limitado sa Africa ang mga pagsasanay na isinasagawa sa mga brutal at abusadong armadong hukbo.

Sa Colombia, limang JCET ang inilunsad noong 2012-2013, sa kabila ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang ng mga reaksyunaryong hukbo dito, insubordinadong kolaborasyon ng militar sa armadong mga kriminal na grupo, at mga pagdukot.

Sa Saudi Arabia, inilunsad ang apat na JCET mula 2011 hanggang 2013 habang abala ang hukbo nito sa pagsupil ng mga demonstrasyong nananawagan ng pagwakas ng sekular na diskriminasyon.

Tatlong JCET ang inilunsad para sa mga tropang Bahraini noong 2012. Sa taong ito isinagawa ng hukbo ng Bahrain ang arbitraryo at ekstrahudisyal na pagpatay, at ang pagdakip at pagkulong sa gawa-gawang mga kaso ng mamamayang nagpuprotesta.

Noong 2012 din, limang JCET ang inilunsad sa El Salvador, apat sa Lebanon, apat sa Romania at dalawa sa Mexico. Lahat ng mga bansang ito ay nagsasagawa ng mga paglabag sa karapatang-tao, tulad ng ekstrahudisyal na pagpatay at malupit na pagmaltrato sa mga detenido (El Salvador), tortyur at pang-aabuso (Lebanon), pagmaltrato at pangharas ng mga pulis sa mga detenido (Romania), at sapilitang pagkawala ng mga tao (Mexico). AB